Booster Seats

Ano ang booster seat?

Ang booster seat ay isang car seat na walang harness. Itinataas nito ang isang bata upang tama ang fit ng lap at shoulder belt. Gumagamit ang mga bata ng booster seat kung sila ay masyadong malaki para sa isang car seat pero hindi pa kasya para sa isang adult seat belt. Ang seat belt na hindi tama ang fit ay hindi magproprotekta sa iyong anak kapag nabangga ang inyong sasakyan. Dapat gamitin ang mga booster seat kasama ng lap at shoulder belt. Huwag kailanman gumamit ng lap lamang na seat belt.

Kailan ba maaaring gumamit ang aking anak ng isang booster seat?

Panatilihin ang iyong anak sa isang car seat na may harness, na nakaharap sa harap, hanggang umabot sila sa limit ng taas o timbang na pinahihintulutan para sa car seat na iyon (tingnan ang mga tagubilin ng manufacturer). Oras na makalakhan na nila ang car seat na nakaharap sa harap, maaari na silang gumamit ng isang booster seat. Ang iyong anak ay dapat nasa pagitan man lamang ng 40 at 60 pounds bago sila gumamit ng booster seat.
Sa estado ng Washington, iniuutos ng batas na umupo ang mga bata sa isang booster seat hanggang umabot sila sa 8 taong gulang o kaya hanggang sila'y 4 feet 9 inches ang tangkad (57 inches). Ang mga bata na wala pang 13 taong gulang ay dapat umupo sa likod kapag maaari.

Mga lap belt lamang ang nasa likod ng aking sasakyan. Anong magagawa ko?

Subukan ang isa sa mga opsyong ito:

- Gamitin ang booster sa harap na upuan kasama ng lap at shoulder belt. Itulak ang harap na upuan papunta sa likod hanggang sa makakaya mo upang mailayô ang iyong anak sa dashboard. Kung mayroong air bag ang iyong sasakyan, i-off ito.
- Kung kailangan mong gamitin ang lap belt lamang, dapat ikabit ito sa iyong anak nang mababâ at mahigpit sa balakang niya nang hindi gumagamit ng booster seat.

Ano ang mga uri ng booster seats?

Mayroong dalawang uri ng booster seats.

- Ang **no-back booster** ay maaaring gamitin sa mga sasakyan na may headrest sa likurang upuan. Kung ang ulo ng iyong anak ay hindi komportable sa headrest upang protektahan ang kanilang ulo at leeg, gumamit ng high-back booster seat.
- Ang **high-back booster** ay maaaring gamitin sa mga sasakyan na mayroon o walang headrests.



No-back booster



High-back booster

Para sa Karagdagang Impormasyon

- **Website ng Booster Seat Coalition, www.boosterseat.org**
- **Safety Restraint Coalition**
  - **425-828-8975 o kaya'y 800-282-5587 (800-BUCK-L-UP)**
  - **www.800bucklup.org**
- **www.seattlechildrens.org**
- **Ang health care provider ng iyong anak**

Maibibigay ng Seattle Children's ang impormasyong ito sa alternatibong format kapag hiniling. Tawagan ang Marketing Communications sa 206-987-5205 o 206-987-2280 (TTY).

Ang handout na ito ay nirebyu ng clinical staff ng Seattle Children's. Gayunman, ang mga pangangailangan ng iyong anak ay bukod-tangi. Bago ka kumilos o magtiwala sa impormasyong ito, mangyaring kausapin ang healthcare provider ng iyong anak.

© 2004, 2007, 2010, 2011 Seattle Children's Hospital, Seattle, Washington. Ang lahat ng mga karapatan ay reserbado.

6/11
CE484TA